Australian Government
Medicare Australia

Pasimula sa sistemang pangkalusugan ng Australya at Medicare Australia

Ang sistemang pangkalusugan ng Australya

Ang sistemang pangkalusugan ng Australia ay malawakang kinikilala bilang pandaigdigan, dalawang bagay sa pagiging epektibo at kahusayan. Ang sistema ay pinaghalo ng mga tagapagbigay-serbisyong pangkalusugan na pampubliko at pribado kabilang:

- ang pamahalaan ng Australya—may pananagutan sa pagbuo ng mga pambansang patakaran, regulasyon at pagpopondo
- mga pamahalaang pang-estado, panteritoryo at lokal—may pananagutan sa paghahatid at pamamahala sa mga pampublikong serbisyong pangkalusugan at pagpapanatili ng mga pakikipag-ugnayan sa karamihan ng mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan
- mga pribadong doktor—kabilang ang mga pangkaraniwang doktor, espesyalista at doktor sa pagkonsulta
- mga nagpapatubo at hindi nagpapatubong organisasyon at mga pamboluntaryong ahensya.

Maaari kang makakita ng higit pang impormasyon sa sistemang pangkalusugan ng Australia mula sa website ng Department of Health and Ageing **www.health.gov.au**

Ano ang Medicare Australia?

Ang Medicare Australia ay isang ahensya ng pamahalaang Australya sa loob ng Human Services Portfolio. Binubuo ang Portfolio ng Department of Human Services – kabilang ang Child Support Agency at CRS Australia – Medicare Australia, Centrelink at Hearing Australia.

Ang Human Services Portfolio ay tungkol sa mga tao at mga serbisyong maaaring kailanganin nila sa iba't ibang mga yugto ng kanilang buhay. Ang pangunahing papel ng Portfolio ay upang pagbutihin ang pagbubuo at paghahatid ng mga pampamahalaang serbisyong nauugnay sa lipunan at kalusugan sa publiko ng Australya.

Ang Medicare Australia ang naghahatid ng mga programa sa pagpopondo sa panlahatang kalusugan ng Australya. Kabilang sa mga programang pangkalusugang ito ay:

- Medicare—programa sa pasegurong panlahatang pangkalusugan ng Australya
- Pharmaceutical Benefits Scheme
- Australian Government 30% Private Health Insurance Rebate
- Australian Childhood Immunisation Register
- Australian Organ Donor Register
- Special Assistance Schemes (kabilang ang Bali 2005 Special Assistance, London Assist, Tsunami Healthcare Assistance Scheme at Balimed)
- Family Assistance Office sa pakikipagtulungan sa iba pang mga ahensya ng pamahalaang Australya
- mga pagproseso sa paghahabol at pagbabayad para sa Department of Veterans' Affairs (kabilang ang Palatuntunan sa Benepisyo ng Gamot sa Pagpapabalik sa Pinagmulang Bansa), ang Tanggapan ng Hearing Services at ang Department of Western Australia.

Nakikipagtulungan ang Medicare Australia sa Department of Health and Ageing upang makamit ang mga layunin ng patakarang pangkalusugan ng Pamahalaan ng Australya. Isinasagawa ang aming mga aktibidad na napapaloob sa balangkas ng patakaran ng pamahalaan na itinakda ng Department of Health and Ageing, Department of Veterans' Affairs, Department of Families, Housing, Community Services and Indigenous Affairs at mga may-kaugnayang batas.

Maaari kang makahanap ng karagdagang impormasyon sa Medicare Australia sa aming website **www.medicareaustralia.gov.au**

Naisalinwikang mga kit ng impormasyon ng Medicare Australia

Nakapagsaling-wika kami ng impormasyong magagamit para sa mga sumusunod na programa.

- Medicare
- Palatuntunan sa Benepisyo ng Gamot
- Ang Rehistro ng Imunisasyon mula sa Pagkabata ng Australya
- Talaan ng Naghahandog ng Bahagi ng Katawan sa Australya
- Planong Pang-ngipin sa Mga Kabataan ng Medicare
- Programa sa pagbalik-bayad sa panlabas na prostesis sa suso
- Pambansang Programa sa Pagsusuri ng Kanser sa Bituka

Mayroon din kaming impormasyon sa:

- Electronikong paghahabol sa Medicare
- Tanggapan ng Tulong Pampamilya
- pagdadala o pagpapadala ng gamot mula sa PBS sa ibayong dagat
- ligtas na pag-inom ng gamot
- Lifetime Health cover (Department of Health and Ageing).

Maaari mong makuha ang lahat ng mga fact sheet na ito mula sa aming website **www.medicareaustralia.gov.au** o sa anumang tanggapan ng Medicare.

Mga Serbisyo sa Online ng Medicare Australia

Ginagawang mas madali para sa iyo ng Mga Serbisyo sa Online ng Medicare Australia upang tingnan, i-update at humiling ng impormasyon at mga serbisyo mula sa Medicare Australia.

Upang gamitin ang aming mga Serbisyo sa Online kailangan mong magpatala at kumuha ng password. Para makapagpatala sa Mga Serbisyo sa Online pumunta sa **www.medicareaustralia.gov.au/online** o sa iyong pinakamalapit na tanggapan ng Medicare at tiyaking palagi mong dala ang iyong Medicare kard.

Sa sandaling nakapagpatala na para sa Mga Serbisyo sa Online maaari kang:

- humiling na kapalit o kadobleng Medicare kard
- ipatala at i-update ang mga detalye ng iyong account sa bangko
- tingnan at i-update ang iyong personal na mga detalye
- tingnan ang kasaysayan ng iyong mga paghahabol sa Medicare
- tingnan ang iyong balanse sa Medicare Safety Net

- tingnan ang iyong pahayag para sa buwis na benepisyo sa Medicare
- tingnan ang pahayag ng kasaysayan ng imunisasyon ng iyong Anak
- tingnan ang iyong mga detalye sa pagpapatala sa Naghahandog ng Bahagi ng Katawan.

Kailangan ng tulong sa pag-unawa ng aming impormasyon?

Para sa mga taong nagsasalita ng Ingles bilang pangalawang wika

Kung kailangan mo ng impormasyon sa iyong sariling wika mangyaring humiling sa isang opisyal ng Medicare o tawagan ang Serbisyo ng **Tagasalinwika at Interpreter (TIS)** sa **131 450***. Kakailanganin mong ibigay sa kanila ang numero ng aming telepono. Isa itong serbisyo sa komunidad ng Australya kung saan maaari kang humiling ng isang interpreter sa iyong wika upang matulungan ka sa iyong pagtatanong. Kapag nagtatanong ka tungkol sa aming mga serbisyo kami ang magbabayad para sa interpreter mula sa TIS.

Para sa mga taong bingi o pipi

Kung ikaw ay bingi o pipi maaari kang tumawag sa aming serbisyong **Telephone Typewriter (TTY)** sa **1800 552 152****. Upang matawagan ang numero ng aming teleponong TTY kakailanganin mong gumamit ng teleponong TTY.

Para sa dagdag na impormasyon

Online	**www.medicareaustralia.gov.au**
Email	**medicare@medicareaustralia.gov.au**
Sumulat sa	**Medicare Australia** **GPO Box 9822** sa iyong kabisera
Tumawag sa	**132 011***
TTY	**1800 552 152**** (Sa may kapansanan sa pandinig at pagsasalita)
TIS	**131 450*** (Serbisyo ng salinwika at interpreter)

*May mga singil sa pagtawag.

**May mga singil sa pagtawag mula sa mobile at mga pay phone lamang.

1577_18a.04.11.09